## Part 5: Ang Tungkol Sa Lipunan

### 5.1 RELASYON

Ang lipunan ay kapisanan ng mga mamamayan na may kasunduan na mamuhay nang sama-sama. Mayroon silang pinagkasunduang sistema ng batas upang mapanatili ang kapayapaan nang sa ganoon sila ay makapangalakal tungo sa kaunlaran.

Ibig sabihin napakahalaga na ang mga kapisan sa isang lipunan ay may pagtingin sa isa't-isa dahil ang kapayapaan ay hindi mapapanatili kapag may mga miyembro na hindi contento sa kanilang kalagayan. Ang mga discontentong miyembro ay tiyak na magiging sanhi ng friction tungo sa disruption ng araw-araw na pamumuhay ng lipunan.

**TIME OUT**

1. Ano ang lipunan?

 ______________________________________________________________

 ______________________________________________________________

2. Bakit mahalaga na ang kapisan sa isang lipunan ay may pagtingin sa isa't-isa?

 ______________________________________________________________

 ______________________________________________________________

**PAG-ISIPAN:**

<table>
<tr><td rowspan="2">Ang aking alam</td><td>Mahalaga ang kalidad ng aking relasyon sa Diyos dahil:</td></tr>
<tr><td>Ang mga taong walang takot sa Diyos ay walang magagawang kabutihan sa kapwa dahil:</td></tr>
</table>

**PAG-ARALAN:**




Basahin ang maikling kwento at sagutin ang mga tanong.

Genesis 4:1-15 – Si Cain at si Abel
Sina Adan at Eba ay pinagkalooban ng Diyos ng dalawang anak, sina Cain at Abel. Si Cain

Dumating ang panahon na naghandog ang magkapatid. Si Cain ay naghandog mula sa kanyang ani sa bukid samantalang si Abel naman ay naghandog ng isa sa panganay ng kanyang kawan. Ang Diyos ay nasiyahan sa handog ni Abel ngunit hindi niya kinalugdan ang handog ni Cain.

Dahil dito hindi mailarawan ang mukha ni Cain sa tindi ng galit. Kaya't sinabi ng Diyos sa kanya, Anong ikinagagalit mo, Cain? Bakit ganyan ang mukha mo? Kung mabuti ang iyong ginawa dapat kang magsaya. Kung masama naman, ang kasalana'y tulad ng mabangis na hayop na laging nag-aabang upang lapain ka. Nais nitong magharian ka. Kaya't kailangang mapaglabanan mo ito.

Isang araw, niyaya ni Cain ang kanyang kapatid na si Abel sa bukid. Sumama naman si Abel ngunit pagdating sa bukid ay pinatay ni Cain si Abel.

Tinanong ng Diyos si Cain, "Nasaan ang kapatid mong si Abel?"
Sumagot siya, "Hindi ko alam, ako ba'y tagapag-alaga ng aking kapatid?"

At sinabi ng Diyos, "Cain ano itong ginawa mo? Sumisigaw sa akin mula sa lupa ang dugo ng iyong kapatid, at humihingi ng katarungan. Sinumpa ng Diyos si Cain at pinalayas niya ito. Lumayo si Cain.

- Sino si Cain at Abel?

  ______________________________________________

- Kaninong handog ang kinalugdan ng Diyos? At bakit?

  ______________________________________________

  ______________________________________________

- Ano ang naging resulta ng galit ni Cain? At bakit niya ito ginawa?

  ______________________________________________

  ______________________________________________

- Ano ang ginawa ng Diyos ng nalaman ang ginawa ni Cain?

**PAG-USAPAN:**



Kung tayo man ay hindi pa nakasisiguro kung anong klaseng lipunan ang kahihinatnan ng mga taong namumuhay sa labas ng presensiya ng Diyos, huwag na tayong magtaka. Sa Genesis 6, sinasabi na ang buong mundo nang panahon ni Noah ay puno ng kasamaan, karahasan at kabulukan. Ang patuloy na iniisip ng mga tao noon ay pawang kabuktutan lamang.

Ang tanong ay ito: *Mayroon bang magagawang kabutihan sa kapwa ang mga taong walang takot sa Diyos?*

Pinagdidiinan ng araling ito ang sinabi ng Panginoong Jesus na ang tao ay hindi makapaglilingkod sa dalawang panginoon, mamamahalin niya ang isa at kamumuhian naman ang isa. Hindi tayo makapaglilingkod sa Diyos at Pera.

Katulad nang nangyari kay Cain at Abel, nakakalungkot na mapagmamasdan natin sa ating paligid, mapabata, matanda o anumang antas o katungkulan ay maipipinta ang kasamaan, karahasan, kabulukan at kabuktutan. Parang ang paghahari ng kasalanan ay wala nang katapusan. Halos lahat ay sumasang-ayon na ang lahat ay gumagawa ng kasalanan.

May pag-asa pa ba? Nasa kaninong kamay ang pagbabagong kinakailangan upang mapanatili at makapamuhay ng may kapayapaan ang mga mamamayan. Tandaan: Ang mga taong walang takot sa Diyos ay walang gagawing mabuti sa kanilang kapwa. Ang pag-asa natin sa pagbabagong kinakailangan ay manggagaling sa mga taong nagsasabing sila ay nagtitiwala kay Cristo. Ang mga nagtitiwala kay Cristo ay susunod sa Kanyang mga utos.

Si Joshua ay isang batang laki sa may-kayang pamilya. Siya ay labing-anim na taong gulang. Ang kanyang magulang ay parehong nagtatrabaho sa ibang bansa. Dalawang beses lang sa isang taon sila umuuwi sa Pilipinas. Kasama ni Joshua ang kanyang lola at isang kasambahay sa tahanan. Lumaki si Joshua na malayo ang loob sa kanyang magulang pati na rin sa kanyang lola. Kaya't siya ay nagrerebelde sa mga ito sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay na hindi mabuti para sa kanya at sa kanyang kapwa. Sa kanilang eskwelahan, mahilig siyang mangopya sa kanyang kaklase at kung hindi siya pagbibigyan ng mga ito ay aawayin niya ang mga ito. Bukod pa rito ay sari-saring kalokohan ang ginagawa niya upang makatawag pansin. Malimit pinapatawag ng principal ang kanyang lola dahil sa mga kalokohang kanyang ginagawa. Walang pakialam si Joshua kung may maperwisyo man siya sa kanyang maling gawain. Basta't ang alam niya, siya ay masaya.

Ano ang iyong naobserbahan kay Joshua? Siya ba ay may maayos na relasyon sa Diyos? Ipaliwanag ang iyong sagot.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



Madaling sabihin ng isang tao na mahal niya ang Diyos nang walang isip-isip. Kaya naman sinabi ni Apostol Juan na ang nagsasabi na mahal niya ang Diyos subalit hindi nagmamahal sa kapwa ay nagsisinungaling dahil sa kung sino ang nagmamahal sa Diyos ay dapat na nagmamahal din sa kanyang kapwa.

Kung ano ang kalidad ng relasyon ng tao sa Diyos, gayon din ang kalidad ng relasyon niya sa kanyang kapwa.

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Kung ikaw ang nasa kalagayan ni Joshua, ganoon rin ba ang iyong gagawin sa iyong kapwa?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Sa iyong palagay, may pag-asa pa ba si Joshua na magbago? Ipaliwanag ang iyong sagot.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Anong uri ng relasyon meron ka sa iyong kapwa? Ipaliwanag ang iyong sagot.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

4. Anong uri ng relasyon meron ka sa Diyos? Ipaliwanag ang iyong sagot.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

| | | |
|---|---|---|
| Natutuhan ko na | Mahalaga ang kalidad ng aking relasyon sa Diyos dahil: |
| | Ang mga taong walang takot sa Diyos ay walang magagawang kabutihan sa kapwa dahil: |

**Verse of the Day:**

Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, buong kaluluwa mo, buong lakas mo, at buong pag-iisip mo, at ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili. ***Lucas 10:27***